



Tingnan ang Epekto*

Sa sumusunod na halimbawa, ang aplikante ay kwalipikado para sa Halaga ng Unang Pautang sa Mortgage na \$315,000. Sila ay ginawaran ng \$300,000 bilang tulong upang matulungan silang makabili ng \$600,000 na bahay. Ang tulong na ito ay sapat na upang masakop ang paunang bayad at mga gastos sa pagsasara, upang ang kinakailangang kontribusyon mula sa bumibili ng bahay ay sero.

Maaaring magkakaiba ang sitwasyon ng bawat aplikante. Mahalagang makipag-usap sa isang ReCoverCA HBA Lender para makita kung magkano ang maaari mong ika-kwalipikado.

Bilang Halimbawa Lamang (Kumonsulta sa isang Tagapagpahiram para sa Mga Detalye)

A. Presyo ng Pagbili	\$600,000
B. (-) Pinakamataas na Halaga ng Unang Pautang sa Mortgage	\$315,000
C. Kinakailangang Paunang Bayad (a-b)	\$285,000
D. (+) Gastos sa Pagsasara	\$15,000
E. Kailangang pera para sa pagsasara (c+d)	\$300,000
F. (-) Pagdoble ng mga Benepisyo	\$0
G. Kinakailangang Halaga ng Gawad (e-f)	\$300,000
H. Pinakamataas na Halaga ng Gawad na Pinahihintulutan (Mas mababa sa linyang G o \$300K)	\$300,000
I. Kinakailangang Kontribusyon ng Nanghihiram (e-h)	\$0

Kumilos na—limitado ang mga pondo.

Maging Kwalipikado Ngayon!



Matuto pa

Suriin ang Iyong Pagiging karapat-dapat

Kumonekta sa isang Naaprubahang Tagapagpahiram

Buksan ang landas patungo sa pagmamay-ari ng bahay gamit ang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA



ReCoverCA
California

GOLDEN STATE
Finance Authority*

*Ang brochure na ito na naglalaman ng pangkalahatang impormasyon sa programa, ay hindi isang alok para sa pagpapalawig ng kredito o isang pangakong magpapahiram. Ito ay maaaring magbago nang walang abiso. Ang mga kompletong patakaran ng programa, mga aplikasyon sa pautang, mga rate ng interes at mga taunang rate ng porsyento (mga APR) ay makukuha sa pamamagitan ng ReCoverCA HBA Lenders. Ang Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA ay ibinibigay ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng California, na ginawang posible sa pamamagitan ng Block Grant sa Pagpapaunlad ng Komunidad – gawad para sa Pagbawi sa Sakuna mula sa HUD, at pinamamahalaan ng Awtoridad sa Pananalapi ng Golden State (GSFA), isang pampublikong entidad at ahensya.

Copyright © 2025

HBA01

09/25/25

Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng
ReCoverCA



Tulong sa Bumibili ng Bahay

Hanggang

\$300,000

Para sa Mga Pamilyang
Naapektuhan ng Mga Baha sa
California noong 2023 at 2024

Alamin Kung
Kwalipikado
Ka Ngayon!





Ang mga aplikasyon para sa mga naapektuhan ng Mga Baha 2023/24 ay magbubukas sa Nob. 10, 2025.

Limitado ang mga pondo – Kumonekta sa isang ReCoverCA HBA Lender ngayon at maghanda!

Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA

Ang Programang Tulong sa Bumibili ng Bahay ng ReCoverCA ay tumutulong sa mga indibidwal at pamilyang apektado ng mapagwasak na baha noong 2023/24 sa California upang makabili ng pangunahing tirahan sa mas ligtas na mga lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa **bumibili ng bahay ng hanggang \$300,000**. Ang pinansiyal na tulong na ito ay idinisenyo upang tumulong na bawasan ang agwat sa pagitan ng kung ano ang kayang bayaran ng isang sambahayan sa pagbabayad ng mortgage at ng aktwal na halaga ng pagbili ng bahay. Ang pautang na tulong ay ganap na **mapapatawad pagkatapos ng limang taon*** at ang perpektong kredito ay hindi kinakailangan upang maging kwalipikado.

Pagiging karapat-dapat / Kwalipikadong Mga Lugar ng Sakuna

Maaari kang maging kwalipikado kung ang iyong pangunahing tirahan ay nasa isang apektadong lugar noong panahon ng sakuna gaya ng sumusunod:

2023 Kwalipikadong Lugar ng Sakuna:

- Hoopa Valley Tribe (ZIP 95546)
- County ng Monterey
- County ng San Benito
- County ng Santa Cruz
- County ng Tulare
- County ng Tuolumne
- Tuolumne County

2024 Kwalipikadong Lugar ng Sakuna:

- County ng San Diego



Tulong sa Bumibili ng Bahay

Hanggang

\$300,000

Para sa mga Bahay na Naapektuhan ng Baha

Kwalipikasyon ng Aplikante*

- Ang kita ng sambahayan ay hindi lalampas sa mababa hanggang katamtamang mga limitasyon ng kita, (80% area median na kita).
- Marka ng Kredito na 640 o mas mataas.
- Pinakamataas na ratio ng Utang-sa-Kita 45%.
- Dapat maging kwalipikado bilang isang unang beses na bumibili ng bahay (walang pagmamay-ari sa nakalipas na tatlong taon), na may limitadong mga pagbubukod.
- Dapat kumpletuhin ang isang 8-oras na kursong Edukasyon ng Bumibili ng Bahay Online.
- Dapat bumili sa California sa labas ng isang Espesyal na Lugar na Mapanganib sa Baha o Sona ng Mataas/Napakataas ang Panganib sa Sunog.
- Sa unang 60 araw pagkatapos magbukas ng mga aplikasyon, bibigyan ng prioridad ang mga sambahayan na maaaring magpakita na sila ay naapektuhan ng isang kaganapan sa baha.

Pinatatawad ba ang Tulong?

Ang tulong sa pagbili ng bahay ay ibinibigay sa anyo ng Pangalawang Pautang sa Mortgage. Ito ay ganap na pinatatawad pagkatapos mapanatili ng bumibili ng bahay ang pagmamay-ari AT tumira dito sa loob ng limang taon.